# Hazard Map ng Sakuna ng Pagguho ng Lupa sa Hiroshima City

Ang mapa na ito ay, nilikha upang magsagawa ng mga nararapat na kilos sa paglisan sakaling magkaroon ng sakuna ng pagguho ng lupa (daloy ng mga bato sa lupa, guho, atbp.).
Bukod sa pag-isipan nang maaga ang paglikas, mangyaring **gamitin ito** para lumikha ng sariling mapa para sa pag-iwas sa sakuna sa inyong lugar at mga **pagsasanay sa paglikas**.

Pinapakita sa mapa na ito ang mahahalagang mga lugar na may babala ng sakuna ng pagguho ng lupa at mga lugar na may mahigpit na babala ng sakuna ng pagguho ng lupa upang makumpirma ang mga lugar na may panganib ng sakuna ng pagguho ng lupa. Nakalagay din dito ang mga mahalagang shelter na dapat isaalang-alang upang lumikas mula sa delikadong lugar, at mga lagusan ng impormasyon sa panahon ng sakuna, atbp.
Bukod diyan, mangyaring tandaan na maaaring magkaroon ng pinsala sa mga lugar na hindi sakop ng mga lugar na may babala at lugar na may mahigpit na babala, at ang mga lugar na ito ay itinalaga ayon sa nakatakdang pamantayan.



## Pagsisiyasat sa Panganib sa Sakuna ng Pagguho ng Lupa at Pagsasaalang-alang sa Destinasyon ng Paglikas

Siyasatin nang maaga ang panganib sa sakuna ng pagguho ng lupa (uri ng pangyayari, kategorya at pagkakahati ng lugar), at isaalang-alang ang destinasyon ng paglikas pagdating ng sakuna.

- Mahalagang isaalang-alang ang panganib sa sakuna ng pagguho ng lupa, sitwasyon ng iyong bahay (kung mayroon bang kasama na hindi kayang lumikas mag-isa, panganib sa ruta ng paglikas, o distansya), at mahalaga rin na alamin ang maraming destinasyon ng paglikas kapag mayroong inanunsyo na mga aktwal na ulat sa paglikas, atbp.
- Mangyaring sumangguni sa sumusunod na <Flow sa Pagsasaalang-alang sa Destinasyon ng Paglikas> kapag pag-iisipan kung saan lilikas.

### <Flow sa Pagsasaalang-alang sa Destinasyon ng Paglikas>

**Bilang alituntunin, umalis at lumikas papunta sa loob ng gusali na nasa ligtas na lugar.**
(Bahay ng kaibigan o kamag-anak, itinalagang emergency shelter sa labas ng lugar na may babala, atbp.)


Kapag delikadong lumipat sa ligtas na lugar dahil sa sitwasyon ng pag-ulan, atbp., **siguraduhin ang kaligtasan sa pamamagitan ng pagpunta sa mataas na palapag ng matibay na gusali sa malapit.**



Bukod dito…

Kapag delikado sa labas, **siguraduhin ang kaligtasan sa mataas na palapag sa loob ng gusali (sa bahaging salungat sa bundok).**

Kapag lilikas sa lugar na may babala, maaaring mawalay sa ibang tao dahil sa sakuna, kaya **maghanda ng mga kinakailangang kagamitan, sistema sa pakikipag-ugnayan, atbp. nang maaga.**




## Kaalaman sa Paglikas

### 1. Protektahan ang sariling buhay.

Ang nararapat na kilos ng paglisan at oras ng paglikas ay magkakaiba ayon sa sitwasyon ng bawat tao. Sa panahon ng emergency, alamin ang impormasyon sa paglikas, kalagayan sa paligid, atbp., at lumikas ayon sa iyong pagpasya.

### 2. Maghanda ng mga kagamitang pang-emergency.

Sa paghahanda sakaling kailangang umalis at lumikas dahil sa emergency, ilagay ang minimum na kagamitang dadalhin sa panahon ng paglikas sa backpack, atbp., at ilagay ito sa lugar kung saan madali itong bitbitin paalis.




- ☐ Portable na radyo ☐ Pagkaing pang-emergency ☐ Tubig
- ☐ Flashlight/Baterya ☐ Damit ☐ Pang-araw-araw na mga kagamitan
- ☐ Medisinang pang-first aid ☐ Rain gear ☐ Cash
- ☐ Mga mahahalagang kagamitan, atbp.

### 3. Sikaping lumikas nang maaga.

Kapag naramdaman mong may pagbabago o panganib sa paligid, mangyaring boluntaryo na lumikas at huwag nang hintayin ang impormasyon sa paglikas gaya ng utos ng paglikas, atbp. Agad na lumikas lalo na kung ang iyong ruta ng paglikas ay nasa lugar na may babala.

### 4. Tawagin ang iyong mga kapitbahay.

Tawagin ang iyong mga kapitbahay at sikaping lumikas nang magkagrupo sa panahon ng paglikas.



## Pagsasaalang-alang sa Pagkuha ng Impormasyon sa Pag-iwas sa Sakuna at Oras ng Paglikas

Alamin ang kahulugan at paraan ng pagkuha ng impormasyon sa pag-iwas sa sakuna (impormasyon sa paglikas, impormasyon sa panahon, impormasyon sa pag-iingat sa guho) nang maaga, at isaalang-alang ang oras ng paglikas sa pagdating ng sakuna. **Mangyaring tandaan na ang mga impormasyon sa paglikas gaya ng utos ng paglikas, atbp. ay i-aanunsyo sa mga lugar na may babala ng sakuna ng pagguho ng lupa, atbp. na makikita dito sa mapa.**

- Kung sakaling magkaroon ng nalalapit na sakuna ng pagguho ng lupa, mag-aanunsyo ang Hiroshima City ng impormasyon na may kinalaman sa paglikas na [Antas ng Alerta 3 hanggang 5] gaya ng utos ng paglikas, atbp. **para sa mga residenteng nakatira sa mga lugar na may babala ng sakuna ng pagguho ng lupa**. (**I-aanunsyo ito nang sunod-sunod ayon sa antas ng panganib** ng mangyayaring sakuna batay sa bigat ng pag-ulan, atbp.)

| Antas ng panganib | Mababa → | | | Mataas | Siguraduhing lumikas bago mag-Antas ng Alerta 4! | Emergency |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Impormasyon sa Paglikas (Hiroshima City → Distrito ng paaralang elementarya)<br>* Ang Antas ng Alerta 1 hanggang 2 ay iuulat ng istasyon ng panahon. | | Paglabas ng alerto | [Antas ng Alerta 3] Paglikas ng Matatanda, atbp. | [Antas ng Alerta 4] Utos ng Paglikas | | [Antas ng Alerta 5] Emerhensiyang Pagtiyak sa Kaligtasan |
| Impormasyon sa Panahon (JMA → Distritong administratibo) | | Impormasyon sa Pag-iingat sa Guho (JMA, Hiroshima Prefecture → Mga district unit) | | | | |

| Uri ng Impormasyon sa Paglikas | Kilos ng Paglisan na Dapat Gawin |
|---|---|
| [Antas ng Alerta 5] Emerhensiyang Pagtiyak sa Kaligtasan | ☐ **Siguraduhing kumilos agad upang protektahan ang buhay.**<br>Kung hindi kayang lumikas palabas, magmadaling lumikas sa mataas na bahagi sa loob ng gusali. |
| [Antas ng Alerta 4] Utos ng paglikas | ☐ **Dalhin ang mga kagamitang pang-emergency at magmadaling lumikas.**<br>Kapag delikado sa labas, lumikas sa mataas na lugar sa loob ng gusali. |
| [Antas ng Alerta 3] Paglikas ng Matatanda, atbp. | ☐ Dapat na **magsimulang lumikas ang mga taong mabagal lumikas**, gaya ng mga matatanda, mga taong may kapansanan, at mga taong may kasamang maliit na bata, **at ang tagasuporta nila**.<br>☐ Kasabay ng **pagiging alerto sa impormasyon sa panahon, at paghahanda na lumikas**, ang ibang mga tao ay dapat lumikas agad kung sa tingin nila ay mapanganib na at huwag nang maghintay pa ng impormasyon sa paglikas. |

## Maaari mong tingnan ang impormasyon sa paglikas at impormasyon sa antas ng panganib sa Emergency Evacuation Guide App!

- Ibinabahagi ng Hiroshima City ang Hiroshima Evacuation Guide App na **"避難所へGｏ！(Pumunta sa Evacuation Site!)"** kung saan maaaring makita ang mga impormasyon sa paglikas, at impormasyon sa antas ng panganib gaya ng mga lugar na may babala ng sakuna ng pagguho ng lupa, atbp. I-download ang app at tingnan ang antas ng panganib ng iyong bahay.

(Mga Function ng App)

**Kumpirmasyon ng Impormasyon sa Paglikas**
Nakalagay sa app ang impormasyon ng paglikas (Paglikas ng Matatanda, atbp., Utos ng Paglikas, atbp.) na inanunsyo sa iyong kinaroroonan.

**Impormasyon sa Antas ng Panganib**
Makikita dito ang impormasyon ng antas ng panganib (mga lugar na may babala ng sakuna ng pagguho ng lupa, atbp.) sa iyong kinaroroonan.

**Naka-display na Ruta Papunta sa Pinakamalapit na Evacuation Site**
Ipinapakita ng app ang pinakamaikling ruta papunta sa bukas na evacuation site malapit sa iyong kinaroroonan.
Kung ikaw ay lalayo mula sa naka-display na ruta, o itinalaga mo ang lugar na nais mong daanan, magpapakita ito ng bagong ruta.

**I-download**

| | [iOS ver.] | [Android ver.] |
|---|---|---|
| Inirerekomendang device | • iOS/iOS 10.0 o higit pa | • Android/Android Device 6.0 o higit pa |